

OPISYAL NA PAHAYAG

Oktubre 5, 2020

Pakikipag-ugnay: Rebecca F. Kauma, Economic Digital Inclusion Program Manager,
Technology and Innovation Department, 562.570.7441,
Rebecca.Kauma@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Inanunsyo ng Lungsod ang Bagong Digital Inclusion Resources Hotline

Ipinagdiriwang ng Long Beach ang Linggo ng Digital Inclusion

Long Beach, CA - Ang Kagawaran ng Teknolohiya at Inobasyon (TI) ay naglulunsad ng isang bagong Digital Inclusion Resources Hotline upang makatulong na ikonekta ang komunidad sa iba't ibang mga mapagkukunan at serbisyo, kabilang ang mga kompyuter, mga murang serbisyo sa internet at marami pang iba.

“Ang pagkahati sa digital ay totoo at maaaring hindi malulutas nang walang tamang mapagkukunan,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang hotline na aming ginawang magagamit ngayon ay magbibigay sa bawat residente ng impormasyon sa mga digital na produkto at serbisyo na maaaring makatulong sa kanila o sa kanilang pamilya, lalo na sa panahon ng pandemya ngayong napakaraming inililipat sa mga online na plataporma.”

Ang Digital Inclusion Resources Hotline, 562.570.7000, ay maaaring gamitin Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. simula ngayon, Oktubre 5, hanggang Disyembre 18. Ang mga katanungan na nauugnay sa digital resources ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng email, sa anumang wika, sa digitalinclusion@longbeach.gov.

Ang isang team ng kawani ng Lungsod, na tinukoy bilang mga digital inclusion navigator, ay tutulong sa mga residente ng Long Beach na makahanap ng impormasyon tungkol sa mga alok sa murang lokal na serbisyo sa internet, mga kompyuter, at mga libreng klase sa pagsasanay sa literasiyang digital. Ang tulong at mga serbisyo sa interpretasyon ng wika ay maaaring magamit ng mga tumatawag sa

Espanyol sa pamamagitan ng mga digital inclusion navigators. Karagdagang serbisyo sa interpretasyon sa Espanyol at Khmer sa pamamagitan ng mga third-party na organisasyon ay paparating.

Noong Hulyo 2020, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Long Beach ang isang [plano sa paggastos](#) ng mga pondo ng Coronavirus Aid, Relief and Economic Security (CARES) Act ng Lungsod at naglaan ng \$1,000,000 upang suportahan ang mga programa sa digital inclusion bilang parte ng [Inisyatibo sa Digital Inclusion](#) ng Lungsod.

Ang Long Beach ay nananatiling nakatuon sa pagtiyak sa digital inclusion at pagbibigay ng pantay-pantay na pag-access sa pagsasanay sa literasiyang digital, internet, mga aparato sa teknolohiya at iba pang mgamapagkukunan digital inclusion anuman ang background, pagkakakilanlan, at kita.

Bilang karagdagan, ang ipinagdiriwang ng Lungsod ang Linggo ng Digital Inclusion hanggang Biyernes, Oktubre, na nakahanay sa [National Digital Inclusion Alliance](#) (NDIA). Ang pagsisikap ng Lungsod sa Linggo ng Digital Inclusion ay kinabibilangan ng isang kampanyang pang-edukasyon na nakatuon sa pagsasali ng mga residente tungkol sa mga mapagkukunan at serbisyo sa digital inclusion na matatagpuan sa Long Beach, tulad ng [Plataporma ng ConnectedLB](#) ng Lungsod, na nagbibigay ng sentralisadong online na plataporma para sa mga residente ng Long Beach upang makahanap ng mga serbisyong mababang-gastos sa internet at mga kompyuter sa lokal na kapitbahayan.

Ang Lungsod ay nasa proseso din ng pagbuo ng isang [Roadmap ng Digital Inclusion](#) upang higit na matugunan ang paghati sa digital at isulong ang pagkakatantay-pantay at inclusion ng digital sa Long Beach. Ang pundasyon ng Roadmap ay kinabibilangan ng pakikipagtulungan sa komunidad at mga kasosyo sa cross-sector upang maiangat ang mga komunidad na pinakanangailangan sa mga yugto ng pag-unlad at pagpapatupad.

Sa unang bahagi ng taong ito, ang Lungsod ay itinalaga bilang isang “[2020 Digital Inclusion Trailblazer](#)” ng NDIA. Ang Digital Inclusion Trailblazers ay isang honor roll ng mga inisyatibo ng lokal na gobyerno na nagtataguyod ng literasiyang digital at pag-access ng broadband Internet para sa mga underserved na mga residente. Ito ay ang pangalawang pagkakataon na natanggap ng Lungsod ang natatanging pagkilala na ito.

Para sa karagdagang impormasyon sa digital equity at inclusion sa Long Beach, pumunta sa longbeach.gov/ti.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na mga amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.

Tungkol sa Technology and Innovation

Ang Kagawarang ng Teknolohiya at Inobasyon ay nagbibigay ng isang sentralisadoing mapagkukunan para sa paglalagay ng teknolohiya at suporta sa buong Lungsod. Misyon namin na magbigay ng isang kapaligiran na nakatuon sa kustomer na pinagsasama-sama ang mga tao, proseso, at teknolohiya upang madagdagan ang kahusayan at pagiging epektibo ng mga serbisyo sa Lungsod. Upang matuto nang higit pa tungkol sa Teknolohiya at Inobasyon, bumisita sa: www.longbeach.gov/ti.

###